Balitang MIMAROPA

STRONG REPUBLIC

Lathalain ng Philippine Information Agency • Region IV-B • Vol. I, No. 1 Enero - Pebrero, 2003

MIMAROPA

bagong rehiyon sa Katimugang Tagalog

Mayroon bagong Rehiyon sa Katimugang Tagalog Rehiyon IV — Ang **MIMAROPA** batay sa ***Executive Order No. 103*** na nilagdaan ni Pangulong Gloria Macapagal - Arroyo noong nakaraang Mayo 17, 2002.

Base sa kautusan ng Pangulo, hinati ang Rehiyon IV sa Rehiyon IV-A CALABARZON na binubuo ng mga lalawigan ng Cavite, Laguna, Batangas, at Rehiyon IV-B MIMAROPA na binubuo ng mga lalawigan ng Mindoro Oriental, Mindoro Occidental, Marinduque, Romblon at Palawan.

Ang lalawigan ng Aurora ay inilipat sa Rehiyon III sa Gitnang Luzon.

Ang hakbang ay isinagawa upang mapabuti at mapabilis ang pag-unlad ng ekonomiya at kabuhayan kasabay ang pinag-ibayong hatid serbisyo publiko sa nasabing mga probinsiya.

Base sa socio economic profile ng rehiyon, ang Katimugang bahagi ng Luzon ay tinatayang siyang pinakamalaki kung pagbabatayan ang sukat ng nasasakupan at ang dami ng naninirahan dito.

Dito naninirahan ang pinakamalaking grupo ng katutubo na tinatawag na Tagalog kung saan may 84 na porsyento sa kanila ang bumubuo ng Southern Tagalog region.

Marami ang nagtaka sa desisyong buuin ang MIMAROPA sa pangambang matulad ito sa kapalaran ng CARAGA na magpasa hanggang ngayon ay nanatiling may kakulangan sa tao at kakapusan sa badyet.

(sundan sa p. 2)

Nasa larawan ang mga opisyales na bumubuo sa MIMAROPA Regional Development Council (Unang hanay mula sa kaliwa) Marinduque Gov. Carmencita Reyes, Cabinet Officer for Regional Development (CORD IV-B) Secretary Marita Magpili Jimenez, Occidental Mindoro Gov. Jose Villarosa. (Ikalawang hanay mula kaliwa) PIA RO IV-B Director Riza J. Baldoria, Oriental Mindoro Gov. Bartolome Marasigan, Palawan Gov. Joel T. Reyes, Romblon Gov. at RDC IV-B Chairman Eleandro Madrona at NEDA IV-B Director Oskar D. Balbastro. (kuha ni A. Arroyo)

STRONG REPUBLIC: *bagong balangkas ng pamahalaan*

Isang matatag at malakas na Republika ng Pilipinas ang gustong itayo ng Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo para sa bawat Pilipino.

Ang mithiin ng Pangulo na ***"Strong Republic"***—ay isang republika na para sa mga mahihirap, mahihina, mga hindi nakatitiyak kung may pagkain sa kanilang hapag-kainan sa araw-araw, mga api at walang tiyak na pinagkakakitaan.

Sa nakalipas na taon simula nang siya ay manungkulan bilang pinakamataas na opisyal ng bansa, pinagsikapan niyang maitatag ang pundasyon ng isang malakas na Republika. Naipakita niya ito sa pamamagitan nang kanyang kaalaman at pagsisikap sa wastong pamamahala.

Ito ang may pananagutan sa pagbibigay ng pangunahing serbisyo sa mga mamamayan, maging mayaman o mahirap man sa isang kapaligirang ang nangingibabaw ay katahimikan.

(sundan sa p. 2)

Balitang MIMAROPA, *handog namin sa inyo*

Nagpupugay ang pahayagang ***'Balitang MIMAROPA'*** sa sirkulasyon bunga ng pinag-isang layunin, adhikain, pananaw, kaisipan at kamalayan sa lipunang ginagalawan.

Sa paglahok ng 'Balitang MIMAROPA' sa hanay ng mga lathalain at sa diwa ng malayang pamamahayag, makakaasa ang mga masugid na mambabasa sa ibayong pagsisikap at pagpupunyagi sa larangan ng totoong kaganapan sa lipunan, pamahalaan at sa bayan.

Kalakip ang pinaghusay na pagbabahagi ng mga kaalaman at kabatiran sa simulain nitong makapaglingkod sa mga mamamayan at sa pamahalaan lalung-lalo na ng mga taga Rehiyon IV-B tungo sa kaunlaran. Bahagi ito ng pagtugon sa matatag na paninindigan para sa mataas na uring serbisyong laan sa bayan.

Ibinagay ang pahayagan sa pag-angat at pag-unlad ng rehiyong sumasakop sa Mindoro Occidental at Oriental, Marinduque, Romblon at Palawan kaalinsabay ng pagkakabigkis ng bagong pamunuan at patnugutan nito sa pangangalap ng mga makabuluhang impormasyon na mailalahad sa madla.

Samo't-dalangin namin sa aming mga taga-subaybay ang inyong walang humpay na pagtangkilik sa ating bagong pahayagan ang 'Balitang MIMAROPA'.

MABUHAY PO TAYONG LAHAT. MALIGAYANG PAGBABASA!

GOV. MADRONA, *unang RDC chairman*

Nahirang na unang Regional Development Council (RDC) Chairman si Romblon Governor Eleandro Madrona para sa MIMAROPA Region.

Ayon kay NEDA IV-B Regional Director Oscar D. Balbastro, ang pagkapili ay ipinahayag sa RDC IV-B Second Full Council Meeting na ginanap kamakailan sa Windmills & Rainforest Resort, No. 60 Scout Borromeo South Triangle, Quezon City.

Malugod na tinanggap ng bagong talagang MIMAROPA RDC Chairman at Romblon Governor Eleandro Madrona, mula kay PIA IV-B Director Riza J. Baldoria ang aklat na "Strong Republic" na naglalaman ng kalipunan ng mga talumpati ni Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo. (Kuha ni A. Arroyo)

Malugod na tinanggap ni Dir. Balbastro ang lahat ng nagsilahok at bisita sa pag-organisa ng pagtatag ng RDC IV-B (MIMAROPA Region) bilang pinakabagong RDC sa bansa. Ikinumpara niya ang mahalagang pangyayaring naganap sa unang pinagdausan ng pagpupulong na nagdiwang ng ika-93rd anibersaryo ng Manila Polo Club. Ipinaliwanag niya na nakamit ng club ang katayuan bilang isa sa maipagmamalaking institusyong sosyal sa bansa bunga ng lakas at pagkakaisa ng mga kasapi nito.

(sundan sa p. 2)

Editoryal

Noong nakaraang Mayo 17, 2002 nilagdaan ng Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo ang Executive Order No. 103 na naghudyat upang mahati ang Rehiyon ng Katimugang Tagalog na binubuo ng 11 lalawigan.

Batay sa kautusan, nahahati ito sa Rehiyon IV-A CALABARZON, na binubuo ng mga lalawigan ng Cavite, Laguna, Batangas, Rizal at Quezon. Ang lalawigan ng Aurora ay nalipat sa Rehiyon III ng Gitnang Luzon. Samantala, ang Rehiyon IV-B na binubuo ng mga islang lalawigan ng Occidental at Oriental Mindoro, Marinduque, Romblon at Palawan na tinawag na MIMAROPA.

Sa isang pagpupulong na pinangunahan ni NEDA IV-B Direktor Oskar Balbastro kaugnay ng bagong tatag na rehiyon, makikita ang malaking hamong kinakaharap ng buong rehiyon. Binanggit niya ang mga estadistika sa mga provincial growth centers, ang lawak nito, ang distribusyon ng lupa, lupang sakahan, pangunahing pananim, klasipikasyon ng kita ng mga probinsiya, population indicators at antas ng pag-unlad ng pagkakakitaan, antas ng kaalaman sa mga bagay-bagay. Ang mga nabanggit ay lubhang mahalaga sa pagtaya ng kalagayang sosyo-ekonomiko sa MIMAROPA. Ang mga lakas na taglay nito, gayundin ang kahinaan na lubhang kailangan tulungan upang makamit ang minimithing pag-unlad.

Nasimulan na at naitatag ang regional line agencies para sa Region IV-B. Gayundin ang bagong RDC Chairman sa katauhan ni Romblon Governor Eleandro Jesus Madrona. Nakatitiyak tayo na hindi masasayang ang hangarin ng Pangulong GMA na kaya itinatag ang bagong rehiyon ay upang maging mabilis ang paghahatid ng pangunahing serbisyo sa mga islang lalawigan na hindi gaanong napagtutuunan ng pansin ng mga tanggapang pangrehiyon sa nakalipas na panahon.

Magandang oportunidad din ito sa mga tauhan ng gobyerno para sa kanilang promosyon sa bagong posisyong itinatag.

Buong pagkakaisa nating harapin ang hamon ng pag-unlad sa pamamagitan ng pagkakaisa at pagtutulungan tungo sa isang maunlad na MIMAROPA Region.

Makaasa ang bagong tatag na rehiyon sa suportang pang-impormasyon ng Philippine Information Agency (PIA) upang matugunan ang hamong kinakaharap nito. Kaisa ang PIA sa mithiin ng Pangulong GMA sa pagkakaroon ng isang malakas at matatag na Republika. Naniniwala kami na ang isang bansang may kaalaman sa tunay na nangyayari sa kanyang nasasakupan ay siyang pundasyon ng matatag na demokrasya, matatag na bansa at matatag na republika!

MIMAROPA. . .

(buhat sa pahina 1)

Itinatag ang MIMAROPA Coordinating Council noong 1995 upang pagtibayin ang kalakalan sa mga islang probinsya sa Katimugang Tagalog. Ito rin ang tatayong sentro ng Region IV-B Regional Development Council (RDC).

Kung pagbabatayan ang socio-economic profile ng Rehiyon A at B, makikita dito na ang CALABARZON ay nananatiling isa sa mga mauunlad na rehiyon samantalang ang MIMAROPA kasama ng ARMM at Rehiyon 5 at 12 ay nabibilang sa mahihirap na rehiyon.

Batay sa ulat ng *National Statistics Office*, ang kabuuang panluwas kalakal ng CALABARZON sa taong 2001 ay umabot sa US$ 18 bilyon samantalang ang MIMAROPA ay umabot lamang sa US$18 milyon. Tinatayang 101.5 porsyento ang bilis ng pagtaas ng kalakalang pangluwas sa CALABARZON mula taong 1995 hanggang 2000 habang ang MIMAROPA ay nagpakita naman ng negatibong 6.9 porsyentong pagbaba.

Noong taong 2000, ang CALABARZON ay nagbukas ng 25 *ecozones* na tumaas ng 17.8 porsyento sa naunang bilang noong 1995. Samantala, wala pang naitatalang *ecozones* ang MIMAROPA.

Sa agrikultura, ang MIMAROPA ay higit na mataas ang antas ng produksyon ng palay -758,719 Metriko Tonelada (MT), kumpara sa 448,257 MT ng CALABARZON sa taong 2000. Ang MIMAROPA ay may antas ng pagtaas na 5.04% taon-taon mula 1995-2000 samantalang ang CALABARZON ay may 2.33 porsyento lamang bawat taon. Pagdating sa anihan ng palay, ang CALABARZON ay may 2.99 MT/ha, higit na mas mataas kaysa sa 2.72 MT/ha ng MIMAROPA.

Kung pagbabatayan ang imprastraktura bilang sukatan ng kaunlaran, malaki ang agwat ng CALABARZON at MIMAROPA. Ang kabuuang haba ng kalsada sa CALABARZON ay umaabot sa 12, 817.4 kilometro at 9,680.3 kilometro naman sa MIMAROPA. Mapapansin ang higit na mainam na kondisyon ng mga daan at kalsada sa CALABARZON.

Ang MIMAROPA ay pangatlo sa may pinakamaliit na bilang ng populasyon kung saan bumubuo llamang ito ng 3 porsyento ng kabuuang populasyon ng Pilipinas. Samantala, ito ang rehiyon na may mataas na population growth rate na nagtala ng 2.67 porsyento sa taong 1995-2000.

Tinatayang nahaharap sa malaking hamon ang MIMAROPA sa isyu ng kahirapan, imprastraktura, ekonomiya, turismo at mabilis na pagtaas ng populasyon sa darating pang mga taon.

Ito ay ilan lamang sa mga hamon na dapat pagtuunan ng pansin ng MIMAROPA sa pagkamit ng autonomiya mula sa pagkakahiwalay nito sa CALABARZON sa nakalipas na taon.

MADRONA . . .

(buhat sa pahina 1)

Lubhang mahalaga ang EO 103 sapagkat sumilang at naitatag ang Rehiyon IV-B.

Sinabi niya na ipinalabas ng Pangulong Arroyo ang kautusan upang mahati ang Rehiyon IV sa dalawang rehiyon para maging mabilis ang pag-unlad ng MIMAROPA na napansing naiiwan ng CALABARZON Region.

Naniniwala siyang sa pagkakahati ng dalawang rehiyon, mapagtutuunan nila ng pansin ang kanilang gampanin sa pagpapaunlad ng mga lalawigan sa tulong ng DILG para sa operasyonalisasyon ng bagong rehiyon.

Tinalakay din ni DILG IV-B Regional Director Aida C. Gatpandan sa nasabing pagpupulong kung paano ipatutupad ang implementasyon ng Executive Order 103 at ang mga barangay based programs gaya ng Gabay sa Mamamayan Action Center, Bayanihan, Paluwagan at pagpili ng pinakaligtas na pamayanan.

Tinalakay naman ni Asst. Director Mylene C. Capongcol ng Department of Energy ang pagbibigay ng alokasyong pondong pang-enerhiya sa Region IV-A at Region IV-B.

Binanggit naman ni NEDA IV-B Director Oscar Balbastro ang kahalagahan ng pagtatatag ng Regional Government Center, gayundin tinalakay niya ang pagdaraos ng RDC IV-B Strategic Planning Workshop, at Work and Financial Plan para sa CY 2003.

STRONG REPUBLIC. . .

(buhat sa pahina 1)

Kabilang pa rin sa layuning ipinaglalaban ng Pangulo upang makamit ang isang matatag at malakas na Republika ay kasaganaan, kalayaan at katarungan.

Kamakailan lamang inihayag niya ang kanyang mga prayoridad para sa nalalabing 18 buwan ng kanyang panunungkulan ang ***"Eight Point Work Program."***

Ang mga ahensiyang may kinalaman dito ay nagsumigasig upang makatulong sa sinasabing programa. Gaya ng sa pabahay, ipinag-utos ng Pangulo ang pagbawas ng interest rate sa pagpapautang para sa low and medium-cost housing mula sa siyam hanggang anim na porsyento bawat taon.

Ang kanyang direktiba ay inaasahang magbibigay ng malaking tulong sa sector ng pabahay at higit itong makatutulong sa mga indibidwal na may mababang kita na nais magkaroon ng sariling bahay.

Kabilang pa rin sa programa ang pagsisikap ng mga ahensiyang may kapanagutan sa koleksyon na pag-ibayuhin ito upang ang year-end-deficit ay mababawasan at ang pangkalahatang deficit para sa 2003 ay mababawasan din.

Bukod sa mga nabanggit, palalakasin din ang small and medium enterprises (SMEs), pagbabawas ng halaga ng Cargo mula sa Mindanao patungong Luzon, pagpapaluwag ng kalakhang Maynila, pagdaragdag ng kontribusyon sa Presidential Commission on Good Government (PCGG) sa fiscal resources, at gawing urban tourist destination ang Makati at ang kahabaan ng Reclamation Area sa Roxas Boulevard tourism complex at pagpapaunlad ng pribadong kalakalan sa agrikultura.

Makakamit ang iba pang prayoridad ng Pangulo sa pamamagitan ng tulong ng mga konsernadong ahensiya at masusing pagsubaybay ng Tanggapan ng Pangulo upang makatiyak na sa 18 buwan ang inaasam na mga programa ng kanyang administrasyon ay makamit.

Inaasahan din ng bayan na ang mga mithiing ito ay makakamit para sa isang malakas at matatag na Republika.

GOV'T. OF NATIONAL UNITY
kailangan ng bayan

Napapanahon ang pahayag ng Pangulong Gloria Macapagal Arroyo nang kanyang sabihin kamakailan na hindi na siya kakandidato sa taong 2004 upang makapagsimula tayo ng isang pamumuhay na base sa "National Unity and Cooperation" at hindi bunga ng hidwaan sa pulitika.

Marami ang naniniwala dito sa Pangulo dahil kung titingnan natin ang kasaysayang pulitikal ng bansa sa kabila ng pagiging moderno natin ay alipin tayo ng malalang pulitika.

Hindi maikakailang marami sa ating mga opisyal ay ayaw ng iwan ang kanilang mga katungkulan. Dinadaan nila sa dahas at salapi ang nangyayari.

Ayon pa sa Pangulo, malalampasan natin ang lahat ng ito sapagkat tayo ay nagkakaisa. "Gaya ng nasabi ko na sa inyo, simula ng ako ay maging Pangulo, ang tangi kung layunin ay kung paano mapagtatagumpayan ang paglaban sa kahirapan sa loob ng mga darating na panahon."

Binanggit pa niya na upang magtagumpay sa pambansang hangaring umunlad, ang mga sumusunod na elemento ng pakikibaka sa kahirapan ay ipatutupad.

- *Pagnenegosyo upang dumami ang trabaho*
- *Pagpapalago sa kita at ani ng maralitang tagabukid*
- *Pagkalinga sa mga bahagi ng lipunan na naiiwanan ng kaunlaran.*
- *Moralidad sa lipunan bilang saligan ng tunay na kaunlaran*

Ang mga ito ang mga sandata natin sa digmaang bayan laban sa kaunlaran. Kailangan lamang ang pagkakaisa at tulong ng Sambayanang Pilipino upang makamit ang minimithing gobyerno ng pambansang pagkakaisa at kooperasyon.

Balitang MIMAROPA

Ang Balitang MIMAROPA ay isang lathalain tuwing ikalawang buwan ng Philippine Information Agency Region IV-B, 3rd Floor PIA Building., Visayas Avenue, Diliman, Quezon City, Philippines
Tel. Nos. 920-4394 / 921-7941 loc. 4288

Renato S. Velasco
Director-General
Riza J. Baldoria
Director, PIA IV-B
Editor-in-Chief
Aurea E. Liwag
Managing Editor
Victoria Mendoza - Palawan Infocen
Ces Querubin - Oriental Mindoro Infocen
Montano Villones - Romblon Infocen
Pablo Serrano - Occ. Mindoro Field Office
Jaime Torres - Marinduque Field Office
Contributing Editors
Ofelia A. Alejandro
Niña R. Bocalan
Girlie B. Guyong
Researchers
Ed A. Macabulos
Layout Artist
Axiel I. Arroyo
Photographer
Dolores Llorando
Circulation Manager

Palawan at Romblon binisita ng PIA-IV-B MIMAROPA

Binisita kamakailan ni Director Riza J. Baldoria ng Philippine Information Agency (PIA) Region IV- B MIMAROPA ang mga lalawigan ng Palawan at Romblon upang personal na makadaupang-palad ang mga opisyales ng gobyerno dito at mapag-usapan ang mga programang pangkaunlaran sa kani-kanilang lalawigan.

Sa pakikipag-ugnayan kay Palawan Governor Joel T. Reyes at Provincial Administrator Samuel V. Madamba II, nangako ang naturang mga opisyales na magkakaloob ang kanilang tanggapan ng libreng opisina para sa PIA-Palawan Infocen sa darating na Abril 1, 2003.

Iminungkahi ni Dir. Baldoria kay Gov. Reyes na maipalabas sa ***Ugnayang Pambansa*** ang ganda ng Palawan gayundin ang kanilang proyektong ***Lakbayan*** at mga programang pangkaunlaran sa ***turismo***.

Nakikipag-ugnayan din si Dir. Baldoria sa tanggapan ni Puerto Princesa City Mayor Edward Hagedorn at nangako ito ng kanilang buong suporta sa PIA-Infocen sa Palawan.

Pinulong din niya ang mga tauhan ng Palawan Infocen na pinamumunuan ni Victoria Mendoza, gayundin kay Epifanio B. Fabon, Jr. ng Philippine Broadcasting Services (PBS) at Beethoven Crasco ng Philippine News Agency (PNA). Nangako ang dalawang ahensya ng kanilang suporta sa PIA sa pamamagitan ng pagbibigay nila ng oras sa kanilang programa isang beses sa isang lingguhang programa sa DWRM Radyo ng Bayan Palawan at sa pagpapalaganap ng mga lokal na balita ng PNA.

Samantala, nakipagpulong din si Dir. Baldoria kay G. Suico Romero, Editor-in-chief at mga staff ng "Romblon Text" isang lokal na diyaryo sa Romblon na may sirkulasyong 3,000 kopya bawat isyu.

Nasa larawan si Odiongan, Romblon Mayor Estanislao Famatiga (pangatlo mula sa kaliwa) kasama sina PIA IV-B Director Riza J. Baldoria, Romblon Text Editor-in-chief Suico S. Romero (kaliwa) at Romblon Infocen Manager Montano Villones (kanan). Kuha ang larawan ng bumisita si Dir. Baldoria sa lalawigan ng Romblon.

Nangako sila na maglalagay ng PIA corner para sa mga press releases sa lokal at national issues na may kaugnayan sa PIA-thrusts. Humingi naman sila ng tulong sa PIA na mapalakas ang samahan ng Romblon Press Club upang magkaroon ito ng legal na akreditasyon sa National Press Club.

Si Mayor Estanislao Famatiga ng Odiongan, Romblon ay nangako na pagkakalooban ng libreng opisina ang PIA Romblon Infocen sa town plaza sa lalong madaling panahon, alinsunod sa kahilingan ni Dir. Baldoria.

Nagsagawa din ang PIA ng taped interviews sa DWIM Radyo Natin at nakipag-ugnayan sa mga Local Chief Executives ng pitong bayan ng Romblon. Ito ay ang mga bayan ng Odiongan, Looc, Alcantra, Ferrol, Sta. Maria, Calatrava at San Agustin.

Kasama ni Dir. Baldoria sa pagbisita sa mga lugar na naturan si Ofelia Alejandro ng PIA-MIMAROPA Regional Office at Romblon Infocen staff sa pamumuno ni Montano Villones.

Masayang tinanggap ni Calatrava Mayor Alice Fetalvero (kanan) ang posters na "Strong Republic"ni Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo ng bumisita si Dir. Riza J. Baldoria (pangatlo sa kanan). Kasama rin sa larawan sina Romblon Infocen Manager Montano Villones (pangalawa sa kanan) , Community Development Officer Pol Factor, at Jose Rizal Reyes ng PIA-Romblon.

Sa susunod na buwan, bibisita rin si Dir. Baldoria sa Oriental Mindoro, kung saan gaganapin ang orientation/briefing sa "Eradication of Illiteracy Program" sa ika-25-28 ng Marso. Nakatakda rin siyang makipag-ugnayan sa mga lokal na opisyales ng Occidental/Oriental Mindoro at Marinduque.

Kaugnay naman ng programa sa Ugnayang Pambansa, inirekomenda ang bayan ng ***Calatrava*** dahil sa mga proyektong pangkabuhayan ni Mayor Alice Fetalvero. Binubuo ito ng programa sa produksyon ng saging tulad ng banana catsup, chips at balls na ginagamit ang konseptong "one village, one product." Mayroon ding 50 speed sewing machine kung kaya matagumpay ding naipapatupad ang mga programang pangkabuhayan dito. Nandito rin ang isang maipagmamalaking lugar ng *Calatrava, Romblon* ang *"Enchanted Hidden Sea"*.

Sa kabuuan naging matagumpay ang isinagawang pakikipag-ugnayan ni Director Baldoria sa mga lugar na naturan at ang pakikipagpulong nito sa mga tauhan ng PIA sa mga nabanggit na lalawigan.

Marinduque at Oriental Mindoro, nagtabla sa *"logo making contest"*

Nagwagi sina Antonio S. Monteagudo ng Boac, Marinduque at Augusto S. Acedera ng Calapan City, Oriental Mindoro sa katatapos na paligsahan sa paggawa ng logo sa buong MIMAROPA Region na nilahukan ng 37 kalahok sa ginanap na pagsusuri kamakailan sa tanggapan ng National Economic Development Authority (NEDA) IV-B, Lungsod Quezon. Paghahatian ang gantimpalang P50,000 cash prize ng dalawang nagwagi.

Sinabi ni NEDA IV-B Director Oskar Balbastro ng Regional Development Council (RDC), ang pinakamataas na coordinating and policy making body para sa pag-unlad ng rehiyon, na naghanda sila ng isang programa para sa pangkalahatang pag-unlad ng MIMAROPA.

Pinasimulan nila ito sa pamamagitan ng paligsahan sa paggawa ng logo bilang simbolo na siyang opisyal na gagamitin at pagkakakilanlan sa mga gampanin ng rehiyon.

Umabot lamang sa 37 ang bilang ng mga lumahok sa paligsahan na nagmula sa limang lalawigan ng MIMAROPA.

Ang lupon ng inampalan sa nasabing paligsahan ay pinangunahan ni PIA IV-B Regional Director Riza J. Baldoria bilang Chairman; Ms. Myla Villegas, kinatawan ni RDC Chairman at Romblon Governor Eleandro Jesus Madrona; Ms Ernanie Decena, kinatawan ng lalawigan ng Oriental Mindoro; Ms. Vivian Longbian ng NEDA IV-B; Mr. Rolando Josue ng Marinduque at Sec. Mary Rebecca Rogacion mula sa pribadong sector.

Ang dalawang 'logo design' na nagwagi ay pagsasamahin sa tulong ng PIA visual artist upang makabuo ng isang natatangi at angkop na 'logo' para sa RDC MIMAROPA Region.

Healthy lifestyle campaign, inilunsad

Kamakailan lang ay inilunsad ng Kagawaran ng Kalusugan ang programang "Mag HL Tayo", sa Quirino Grandstand, Rizal Park, Manila na nilahukan ng humigit- kumulang sa 100,000 katao mula sa iba-ibang sektor ng lipunan.

Layon ng programa na mapangalagaan at mapanatili ang kalusugan ng mga mamamayan na naaayon sa mithiin ng Pangulong Gloria Macapagal Arroyo tungo sa pagtatatag ng isang malakas na Republika.

Isinakatuparan ang nasabing programa sa pamamagitan ng sabayang 'mass aerobic exercise' sa buong kapuluan na pinangunahan ni Health Secretary Manuel Dayrit at presidential daughter Luli Arroyo at nilahukan ng iba-ibang sangay ng pamahalaan, pribadong sektor, samahang medikal, at mga taga-akademya.

Dalawang libong Girl Scout at troop leaders ang sumama rin sa nasabing malaking pagtitipon

Nagkaroon din ng Health Fair sa Rizal Park at dito ay nagkaloob ng serbisyong pangkalusugan para sa mga nagsilahok sa naturang programa. Nagbigay din ng mahahalagang impormasyon tungkol sa tamang pagkain at nutrisyon.

Ang ibang mga ahensiyang nasa islang lalawigan tulad ng Region IV-B MIMAROPA ay nakisabay sa nasabing programa kasama ang mga itinalagang mga 'health workers' at 'educators'.

BALITANG PROBINSIYA

Mula sa Occidental Mindoro

OCCIDENTAL MINDORO, *malaki ang naiaambag sa pambansang ekonomiya*

Isa sa mga lalawigang malaki ang naiambag sa pag-unlad ng ekonomiya ng bansa ay ang Occidental Mindoro.

Mararating ang lalawigan mga 40 minuto biyahe sa eroplano mula sa Maynila o dalawa at kalahating oras na biyahe sa barko mula Batangas.

Pagsasaka pa rin ang pangunahing pinagkakakitaan ng lalawigan kung kaya hindi nahuhuli ang kanilang ekonomiya sa iba pang lalawigan sa Katimugang Tagalog.

Batay sa NSO's Income & Expenditures Surveys noong 1994, umabot sa 37,965 pamilya ang sangkot sa mga gawaing pangnegosyo, 81 porsiyento dito ay umaasa sa pagsasaka. Noon lamang 1995, ang lalawigan ay may produksiyong umabot sa 296,212 metriko tonelada ng palay mula 77,664 ektarya, kung kaya sila ang may pinakamataas na ani ng palay sa buong Rehiyon IV-A at IV-B. Ang iba pang produktong pansakahang iniluluwas ay ang mais, niyog, tabako, bawang, mangga, saging at mani.

Umabot naman sa 34.8 porsiyento ang kabuuang kita sa pagnenegosyo sa wholesale at retail, samantalang mga 10 porsiyento naman ang kabuuang pagnenegosyo sa lalawigan.

Ang malamig at malinis na springwater ng Calawagan Mountain Resort na ipinagmamalaki ng bayan ng Paluan.

Malaking bahagi naman ng serbisyo ay nasasakop ng mga industriya ng transportasyon. Binubuo ito ng telekomunikasyon, banko, paaralan, ospital, pasilidad na panlibangan at iba pang kumpanyang kaugnay nito.

Nakilala ang Mindoro sa pangalang *MAIT* ng mga mangangalakal na Intsik bago pa man dumating ang mga Kastila. Nang dumating dito ang mga mananakop na Kastila, pinangalanan itong *Mina de Oro*, na nangangahulugan ng mina ng ginto pagkatapos nilang makatagpo ng iba't ibang piraso ng mga mamahaling metal, bagama't wala naman silang natagpuang ginto. Di-naglaon hinati ito sa dalawang lalawigan, ang Occidental at Oriental Mindoro nuong nakaraang Hunyo 13, 1950 sa bisa ng Republic Act No. 505.

Ang lalawigan ay may kabuuang lawak ng 687,844 ektarya na sumasakop sa 11 bayan kasama ang Mamburao na siyang capital, at 162 barangays.

Ang mga bayan ay binubuo ng Lubang, Looc, Paluan, Abra de Ilog, Sta. Cruz, Sablayan, Calintaan, Rizal, San Jose, Magsaysay at Mamburao.

Matatagpuan ang Occidental Mindoro sa kanlurang bahagi ng isla ng Mindoro. Ang mga hangganan nito ay ang Calavite Passage sa Norte, Oriental Mindoro sa Hilaga, ang Apo East Pass sa kanluran at sa Timog ay ang Mindoro Strait.

Tag-araw ang lalawigan mula Nobyembre hanggang Abril at tag-ulan naman sa nalalabing panahon. Pinakamalamig ang mga buwan ng Marso hanggang Hunyo.

Ang populasyon ng lalawigan ay umaabot sa 353,866 at ang mga tao dito ay magalang, tahimik at mapagmahal na mamamayan.

Pagsasaka pa rin ang pangunahing pinagkakakitaan dito. Ang mga produkto ay palay, mais, mani, abaca, tabako, bawang, manga at honeydew melon. Ang bangus Mindoro ang nangungunang produktong pantubig kasama ng tuna, hipon, grouper at oktopus. Ang malawak na lupain ay angkop din sa pag-aalaga ng matataas na uri ng baka, usa, baboy damo at tamaraw na matatagpuan sa tabing ilog ng Burwanga.

Maraming mineral ang matatagpuan dito tulad ng limestone, guano, chromite, Mindoro jade, quarts, tale, at asbestos.

Ang "Tamaraw" isa sa namumukod tanging uri ng hayop na matatagpuan lamang sa lalawigan ng Occidental Mindoro

Ang bawat bayan dito ay potential growth center. Ang bayan ng San Jose, Magsaysay, Rizal at Calintaan ay maaaring paunlarin bilang ecozones at tourism estates.

Uunlad ang ekonomiya ng lalawigan sa mga papasok na negosyo sa Mamburao, Sta. Cruz, Palawan, Abra de Ilog, Lubang at Looc.

Kasama pa rin ang pagpasok ng mamumuhunan sa pagtatag ng mga daungan, planta sa pagpoproseso ng manga, cold storage plants, hydro-electric plants, stonecraft, marble-processing, golf courses at buri-based industries sa Sablayan.

Ang iba pang lugar na may potensyal na paunlarin para sa pagnenegosyo ay ang banko, pasilidad sa telekomunikasyon, irigasyon at power generation.

Sa larangan namang panturismo hindi pahuhuli ang Occidental Mindoro. Nandito ang Apo Reef Marine National Park. Pangalawa itong pinakamalawak na reef sa buong mundo. Mararating ang lugar na paboritong pasyalan ng mga divers mga dalawa hanggang tatlong oras na biyahe sa bangkang de motor mula sa Sablayan. Umaabot sa 385 uri ng buhay marina ang namumuhay dito kasama na ang pamilya ng pating, stingrays at mantas, snappers, tropical na isdang pang-akwaryum, moray, blemish at gobi. Humigit kumulang naman sa 500 uri ng korales ang nandito na lubhang kalugod-lugod para sa mga divers na dumadayo dito.

Ang tulay at daan na siyang nagpapabilis sa pagkilos ng mga tao at ng pagluluwas ng mga produktong nanggagaling sa iba't-ibang panig ng lalawigan.

Marami pang pook panturismong inihahandog ang Occidental Mindoro. Narito ang Pandan Grande Island, Mina de Oro Beach Resort, Mamburao Beach Resort, Stone Park Resort, La Dolce Vita Resort, Calawagan Mountain Resort, Tayamaan Beach Resort, Villa Enriquez Resort sa San Jose, Parola Park, Libao Lake, Purnaga Cave, Lubang Island, Mount Iglit, Baco National Park, Tabtaban Lake, Mt. Halcon at Fruit Bat Lake.

Marami pang maihahandog ang lalawigan kaya't halinang mamasyal sa mayamang lalawigan ng Occidental Mindoro.

San Jose, *nagwagi sa Clean and Green' project*

Occ. Mindoro - *Muling nagwagi ang bayan ng San Jose bilang pinakamalinis at luntiang bayan sa mga First, Second and Third Class Municipalities sa buong kanlurang Mindoro.*

Ang naturang kompetisyon ay base sa programa ni Gov. Jose T. Villarosa, ang Clean and Green Program.

Nakalaban ng San Jose ang mga bayan ng Sablayan at Sta. Cruz. Tinanggap naman ni Municipal Administrator Evangeline Espiritu ang halagang limampung libong piso (Php 50, 000.00) na gantimpala.

Ayon kay Espiritu, gagamitin ang naturang premyo sa Solid Waste Management Program ng kanyang administrasyon.

Ilan sa mga Board of Judges ay ang mga tanggapan ng DOH, Rotary Club mula sa NGO, DepEd, DENR at PIA. Ang mga built areas o mga pangunahing lugar sa isang bayan ang pinuntahan ng mga hurado tulad ng municipal building/ compound, pamilihang bayan, sementeryo at mga paaralan.

Ilan pa sa mga kategorya na naglaban ay ang 4th, 5th and 6th class municipalities. (Pabs Serrano)

Mula sa Oriental Mindoro

CALAPAN, *Layon maging regional site ng MIMAROPA region*

Calapan City – Ilang tanggapang panggobyerno sa MIMAROPA region ang naghahangad na maging regional site ang lungsod na ito.

Sa isang panayam ni Ms. Ces Querubin ng PIA-Mindoro Oriental, ang mga tanggapang nais magtayo ng kanilang tanggapang pangrehiyon sa Lungsod ng Calapan ay ang Register of Deeds, Philippine National Police (PNP) at ang National Statistics Office (NSO).

Noong nakalipas na Disyembre 2002 pinasinayaan ang MIMAROPA regional office ng Registrer of Deeds dito at hinirang si Atty. Pepito Mortel bilang bagong regional registrar. Siya ang itinalaga na Land Registration Authority (LRA) Administrator.

May posibilidad din na itatag ang National Statistics Regional Office dito.

Sa kasalukuyan, ang pamahalaang panlalawigan ay nakatayo sa may dalawang ektaryang lupa kung saan maaaring magtayo ang PNP regional office dito. Nandito ang tanggapan ng Regional Mobile Group Batallion Headquarters at ang 1st Company ng RMG ay nasa San Teodoro samantalang ang 2nd RMG company ay nasa Mamburao, Occidental Mindoro.

Sinabi naman ni P/Supt. Medardo Apacible na sisikapin nilang mapanatili ang kalagayang pang katahimikan dito lalo na at dito itatatag ang MIMAROPA PNP Regional Office.

Binigyang diin naman ni Provincial Statistics Officer Ramon O. Dizon na pinakakombinyenteng lugar ito para sa pagtatayo ng NSO regional office. Madali nang maipararating ang serbisyo ng NSO sa mabilis at tamang panahon para sa mga mamamayan ng MIMAROPA.

Inorganisa, provincial census coordinating board

Calapan City – Magdaraos ng Census of Agriculture and Fisheries (CAF) sa darating na Marso 2003 ayon kay Provincial Statistic Officer Ramon O. Dizon sa pagpupulong na ginanap kamakailan ng Provincial Coordinating Census Board (PCCB)

Ang PCCB ay binubuo nina Gov. Bartolome L. Marasigan, Sr.; Chairman ng board; Division Superintendent of School, Vice Chairman; at ang District Highway Engineer, Philippine National Police, Provincial Development Officer, Provincial Assessor at ang Provincial Agricultural Officer bilang mga miyembro. Ang National Statistics Office ang siyang Executive Officer.

Ang 2002 CAF ay isang malawakang gampanin ng gobyerno na may layuning makakolekta, maisaayos at mapagsama-sama ang statistika sa agrikultura at fishery. Ang mga datang nakolekta ang siyang magiging basehan ng mga policy makers at planners sa kanilang pormulasyon ng mga plano ng pag-unlad sa bansa.

Ang NSO ang ahensiyang may pananagutan sa ganitong mga statistika at ito'y batay sa Executive Order no. 121 na binabanggit sa Commonwealth Act 591 na nagbibigay ng awtorisasyon sa NSO para siyang maghanda ng lahat ng Census sa populasyon, agrikultura at komersyo. *(Ces Querubin)*

Ang mga opisyales na bumubuo sa MIMAROPA region sa isang pagpupulong na ginanap sa Lunsod Quezon. (Nasa larawan mula sa kanan): Mayor Ferdinand Soller ng Bansud, Oriental Mindoro, Mayor Roberto Madla ng Boac, Marinduque, PIA IV-B Director Riza J. Baldoria, Ms. Ofelia Alejandro ng PIA IV-B, Ms Carmencita G. Reyes ng Dept. of Finance, Dr. Manuel Leycano, OIC-Dept. of Finance Region IV-B at iba pang opsiyales ng MIMAROPA. (Kuha ni A. Arroyo)

Tourist center, pinangasiwaan ng pamahalaang panlungsod

Calapan City — Pinangasiwaan ni Mayor Arnan C. Panaligan ng pamahalaang panlunsod ng Calapan ang Passenger – Tourist Assistance Center (PTAC) sa Port Area, Barangay San Antonio ng lungsod na ito.

Sinabi ni Joey Benter, hepe ng City Trade and Industry Department (CTID) na ang kanilang tangappan ang siyang mangangasiwa sa araw-araw na serbisyong ibibigay sa mga pasahero gaya ng mga turista, mangangalakal at mga bisita sa Oriental Mindoro.

Binanggit pa ni Benter na tutulong ang Center sa mga pasahero sa pagbibigay ng tamang impormasyon sa pasahe, publisidad at promosyon sa mga atraksyon pang turista lalo na sa siyudad, pagbibigay ng tamang listahan ng mga hotel at resort, pagbebenta ng mga produkto mula sa lalawigan at mga pagkain at souvenir items na gawa dito.

Planong maging Sentro ng Agro-Industry at gateway sa Southern Tagalog ang lungsod ng Calapan sa taong 2010.

Inilunsad nina Mayor Panaligan at Philippine Ports Authority Chief Engr. Adelaida Hernandez ang PTAC noong Disyembre ng nakalipas na taon. *(PIA-Oriental Mindoro)*

P1.5 milyong medical supplies ipinagkaloob sa Mindoro

Calapan City – Tinanggap ng pamahalaang panlalawigan dito ang mga donasyong medical supplies, equipment at gamot buhat sa Rotary Club of South Platte, Rotary International District 6040 at Philippine Medical Society of Greater Kansas sa Missouri, USA na nagkakahalaga ng may P1.5 milyon kamakailan.

Ang mga nasabing kagamitan at gamot ay inilaan ng grupo na nagsasagawa ng medical-surgical mission sa Naujan Community Hospital kasama ang pamahalaang panlalawigan.

Ayon kay Gov. Bartolome L. Marasigan Sr., may 1,250 pasyente ang nakinabang sa limang araw na misyon sa pangunguna nina Dr. Raul Miciano at Denys Collins kasama ang 25 mga medical personnel.

Mula sa Marinduque

MARINDUQUEÑO, *Hinikayat magbalik-probinsiya*

Nagsama-sama ang ilang pribadong sector sa Marinduque upang hikayatin ang kanilang mga kababayan na nasa ibang bansa at sa labas ng lalawigan na magbalik-bayan at tumulong sa pagpapaunlad ng kanilang lalawigan.

Ang programa ay binansagang "Balik-Marinduque" at may layuning mahikayat na lumahok ang mga Marinduqueño na nasa labas ng lalawigan, upang makatulong sa pagpapaunlad ng sosyo-ekonomikong kalagayan gayundin sa mga programa ng eco-turismo.

Sinabi naman ni Noel V. Magturo, media practitioner at POEA-Kilos Laya Laban sa Droga coordinator na ang programa ay may kaugnayan sa mga planong gawain ng Department of Tourism Secretary Richard Gordon's "Visit Philippines 2003."

Upang matupad ang layunin, ang programa ay magsasagawa ng mga gawain upang maipakita at mapaunlad ang potensyal sa negosyo na nakaugnay sa pagtutuunang pansin ng pamahalaang panlalawigan.

Dumating na ang panahon para bumalik ang mga Marinduqueño sa kanilang bayang sinilangan at tumulong sa pagpapaunlad ng lalawigan. Ang paghikayat ay ginawa niya sa simposyum sa pagsugpo sa bawal na gamot na ginawa kamakailan lamang.

Samantala, magdaraos ng 6th *Grand Alumni Homecoming ang Marinduque High School ng Marinduque na gaganapin sa darating na Mayo 23, 24, at 25, 2003.*

Ang Chairman ng pagtitipon ay si retired Col. Willie Larga, na siya ring Chairperson ng Marinduque National High School Alumni Association. Makipag-ugnayan sa detalye sa telepono blg. (042) 332-1543 / 0919-7770778.

Kabilang sa small & medium industries na pinauunlad sa Marinduque ang paggawa ng basket at hand loom-woven products gaya ng nasa larawan.

MARINDUQUE, kilala bilang 'Growth Center'

Unti-unti nang nakikilala ang potensyal ng Marinduque bilang isang growth center sa Timog Katagalugan dahil sa mayaman nitong mga lupain at pinagkukunan ng tubig gayundin ng mga hindi pa natutuklasang pagkukunan ng mineral.

Ang Marinduque ay isa sa mga lalawigan ng bagong tatag na MIMAROPA Region kung saan maraming mga prayoridad na proyekto ang natukoy para sa pag-unlad at promosyon.

Kabilang sa may potensyal sa pangangalakal ay ang industriya ng pagpapabrika sa kawayan at iba pang baging at softwood products na nailuluwas na sa pamilihan sa ibang bansa gaya ng United States, Japan, Australia, United Kingdom at Ireland.

Ang paggawa ng iba't-ibang uri ng basket na pangluwas ay kabilang sa produktong pinagtutuunang pansin ng lalawigan gayundin ang produkto sa buntal dahil sa maganda at mataas ang halaga nito sa pamilihan.

Hindi rin pahuhuli ang pagpapaunlad sa pagpoproseso ng pagkain mula sa saging, niyog at mga isdang nahuhuli sa karagatan ng lalawigan. Prayoridad ang lugar sa pag-culture ng isda, hipon, ulang at mga lamang dagat dahil ang karagatan dito ay saganang pangisdaan bunga ng pagiging islang panlalawigan.

Mula sa Romblon

ROMBLON, *hamon ang pagpapaunlad ng negosyo*

Napakagandang paunlarin ng lalawigan ng Romblon sa anumang negosyong gustong itayo ng mamumuhunan dahil sa istratihikong lokasyon ng lalawigan. Malapit ito sa pamilihang rehiyonal sa Norte at sa Timog kasama ang Calabarzon, Metro Manila, Boracay, Iloilo, Negros, Cebu, Mindoro, Palawan, Masbate at Bicol.

Ayon kay ICM Montano Villones ng Romblon, dahil sa kalapitan nito sa mga nabanggit na lugar maraming negosyo ang maaring bigyan ng prayoridad gaya ng turismo, modernong paggawa ng mga produktong marmol, niyog, raffia o buri, pagtatanim ng mga punong kahoy na pang-industriya, ceramics, gem-stones, pagpoproseso ng mga prutas, pagmamanukan, pagbababuyan, seaweeds at preserbasyon ng isda at karne.

Maari ring paunlarin ang whole-sale trading, pabrikasyon ng mga metal, pasilidad sa cold storage, distribusyon ng mga produktong mula sa langis, vehicle repair shops at warehouse facilities.

Pangunahing produkto ding maituturing sa Romblon bukod sa "marble" ay ang "kopra" mula sa puno ng niyog gaya ng makikita sa larawan.

BOAC, *nahirang sa programa ng Phil. Agenda 21*

Nahirang ang bayan ng Boac bilang isa sa pitong lugar sa Luzon sa pagpapatupad ng mga programa sa sustainable development at Philippine Agenda 21 na nagmula sa Rio de Janeiro Summit of 1991 at muling isinulong matapos ang Johhanesburg Summit of 2002 sa pagtataguyod ng United Nations.

Sinabi ni Boac Mayor Robert Madla na "pagkilala ito sa ating mga sakripisyo, pagsisikap at matuwid na paninindigan para sa kalikasan at mamamayan."

Dalawa lamang ang napiling bayan sa pitong prayoridad na lugar ang La Trinidad, Benguet at Boac, Marinduque. Pawang mga probinsiya ang lima pang prayoridad na lugar sa Luzon.

Ang programang ito ay itataguyod sa pakikipagtulungan ng NEDA at Philippine Council for Sustainable Development. Samantala ang Philippine Agenda 21 ay isasa-lokal upang maging gabay sa pamamahala at pagtataguyod ng mga programang pangkaunlaran lalo na sa kanayunan, katulong ang civil society at ang business sector.

Sa darating na buwan ay gaganapin ang unang workshop upang itakda ang isang istrakturang lokal na magiging behikulo sa pagsasakatuparan nito. Sa bisa ng Resolusyon Blg. 2002-16 na itinakda ng Sangguniang bayan ng Boac ay binigyang kapangyarihan ang Punong Bayan upang lumagda sa kasunduan. *(Kabalikat Jingjing Loto)*

Kooperatiba sa pag-aalaga ng hayop isusulong

Maglulunsad ng malawakang kampanya para sa pagbubuo ng mga Livestock Cooperative – ang pambayang Tanggapan sa Pagsasaka sa Boac, Marinduque.

Ang programa ay naglalayong palakasin ang industriya ng paghahayupan sa ating bayan sa tulong ng mga pribadong sektor at mga organisadong samahan.

Inaasahan na kapag nabuo ang mga livestock cooperatives, malaki ang maitutulong nito sa itatayong ice plant and cold storage facility na siyang magiging imbakan ng mga karne na magbubuhat sa magsasakang kasapi nito. Ang mga mabubuong mga livestock co-operatives ay inaasahan ding magiging kasapi ng Barangay Organized Association and Cooperatives o BOAC na siyang magsisilbing pederasyon ng lahat ng kooperatiba sa bayan ng Boac. *(Elmer Marbello)*

Mula sa Palawan

Industriya ng seaweeds, *sagana sa Palawan*

Sagana ang Palawan sa mga yamang dagat na kaloob ng kalikasan upang matugunan ang pangangailangan sa pagkain sa lumalaking bilang ng populasyon dito.

Masasabing ang karagatan dito ay talagang punong-puno ng lamang dagat tulad ng isda, halamang dagat (seaweeds) at iba pang marine life na pinagkukunan ng yaman ng mga Palaweno. Ito ay dahilan na rin sa mahabang baybaying dagat na umaabot sa mahigit kumulang 1,959 kilometro at magandang kondisyon ng coral reefs na naglalagay sa lalawigan bilang pinakamayamang pinagkukunan ng marine resources sa Pilipinas.

Mina ng gintong maituturing ang berde at kulay tsokolateng halamang dagat na saganang tumutubo dito— ang itinuturing ng maraming taong ordinaryong damong dagat ang seaweeds. Sa paglipas ng panahon, malaki ang kontribusyon ng industriya ng seaweeds sa ekonomiya ng bansa.

Nakapagluwas ang bansa ng may 31,720,996 net kilos ng seaweeds nuong 2001. Batay sa pinakahuling data nuong 2001 ang bansa ay nakapagluwas ng may 8,576,425 net kilos ng prinosesong seaweeds, Carageenan, at kelp powder. Ang pangunahing bansang pinagluluwasan ng seaweeds ay ang United Kingdom, U.S.A., France, Hongkong, Denmark at Korea. Samantalang ang Carageenan naman ay iniluluwas sa Denmark, France, Great Britain at U.S.A.

Dahil sa tumataas na pangangailangan sa pandaigdigang pamilihan ng produkto kung kaya nagkaroon ng interes na paunlarin ang industriya ng seaweeds sa bansa, laluna sa Palawan.

Ang isang ektarya ng Class A seaweed farm ay maaaring makaani ng mula P180,000 hanggang P200,000 bawat taon. Iniulat ng Office of the Provincial Agriculturist sa Palawan na umaabot sa 8,200 ektarya ang angkop sa pagpapaunlad ng komersyal na seaweeds na tinatayang mga 30,000 ektarya.

Isang uri ng seaweeds ang euchema na kilala sa tawag na "tambalang" ay kumita ng P425 milyon nuong 2001. Karamihan sa produksyon ng seaweeds o 86 porsyento sa Palawan ay nanggaling sa mga islang bayan ng Agutaya, Balabac, at Cagayancillo ang nangungunang prodyuser ng seaweeds. Sa kasalukuyan, may 19 na munisipyo sa lalawigan ang may produksyon ng seaweeds. Ang mga hindi pa napoprosesong seaweeds ay ipinagbibili sa mga mamimili mula Cebu, Manila, Mindoro at ibang negosyante sa Puerto Princesa City.

Ang 'eucheuma seaweeds' ang palaging hinahanap na pang komersyal dito. Ang mga uri nito ng eucheuma spinosum at ang cottonii ang siyang pinakamatibay at angkop sa pagculture dito sa Palawan. Ayon sa Bureau of Fisheries and Aquatic Resources malaki ang kumpetisyon ng mga uri ng euchema dito dahil sa taglay nitong lakas ng gel.

Sa kasalukuyan hinihikayat ng mga lokal na gobyerno dito ang mga pamilyang naninirahan sa baybay dagat upang maging abala sa produksyon ng seaweeds sa halip na maging abala sa ilegal na paraan ng pangingisda.

Ang pag-aalaga ng seaweeds sa lalawigan ay nagsimula nuong 1978 sa Green Island, Roxas kasama ang Marine Colloids Inc. isang negosyong pag-aari ng Josol family. Nuong 1979 ang pagtatanim ng seaweeds ay sinimulan sa Balabac gamit ang teknolohiya mula Tawi-Tawi. Sa kasalukuyan, ang Palawan ang pangalawang prodyuser ng seaweeds sa bansa.

Lumaki ang pangangailangan ng seaweeds sa mundo dahilan sa pagkadiskubre ng maraming kagamitan nito. Ang seaweed extract ay ginagamit na sangkap sa pagpapabrika ng glue at industrial adhesives; pampatigas sa paggawa ng ice cream, chocolates, soup at food preserves, refining agents at stabilizer ng pagkain.

Ginagamit din ito bilang bahagi sa paggawa ng mga kosmetiko, gamot at produktong parmasyutikal. Ang katas nito ay ginagamit na additives sa paglalata ng pagkain, pakain sa baka at kambing.

*Ang mga Palaweño habang nag-aani ng **"seaweeds"***

*Ang mga Palaweño habang inaayos ang inaning **"seaweeds"***

Malaking tulong sa mga Palaweño ang malawak at masaganang dagat dito para sa pag-unlad na pangkabuhayan. Ang pagpaparami ng produksyon ng halamang dagat na ito at pagkultura ng iba't ibang kagamitan, pagkakaroon ng pagkakakitaan at pagkakaroon ng mga mamumuhunan mula sa mga rural na pook. Kaya nga kailangang pangalagaan ang ating karagatan. Malaking tungkulin itong nakaatang hindi lamang sa ating pamahalaan lalo't higit sa lahat ng mga mamamayang ang pinagkukunan ng ikinabubuhay ay mula sa karagatan.

Ang Napsan Coral Garden sa Puerto Princesa, Palawan

Handa ang MIMAROPA sa El Niño

Handa ang MIMAROPA Region sa anumang magaganap na pangyayari kaugnay sa El Niño.

Ang El Niño ay isang kaganapan sa mundo na nagdudulot ng matindi at mahabang tag-init sa kapaligiran o di kaya ay di inaasahang lakas ng buhos ng ulan. Sa mga nakalipas na panahon naranasan ng Pilipinas ang matinding dagok ng tag-tuyot nito.

Sa pag-aaral, napagalaman na ang El Niño ay umaabot ng halos isang taon.

Kabilang sa mga abnormalidad na kundisyon na magpapaalaala na may El Niño ay ang pagkaantala ng pagdating ng tag-ulan, maagang pagtatapos ng tag-ulan, pabugso-bugsong habagat na may kasamang malakas na ulan sa ibang lugar na nagiging sanhi upang makaranas ng pagbaha yaong mga mababang lugar at malakas na pagbuhos ng ulan sa maikling panahon lamang.

Ang pamahalaan, sa pangunguna ng Kagawaran ng Pagsasaka kasama ang pamahalaang lokal at mga line agencies sa MIMAROPA, ay nagsasagawa ng malawakang kampanya sa pagpapalaganap ng kaalaman tungkol sa El Niño. Isinaalang-alang ng mga ahensiya ng gobyernong nagtulong-tulong ang kahandaan ng mga kapaligiran sa pagdating ng El Niño.

Ang PIA sa MIMAROPA region na binubuo ng Mindoro Occidental, Mindoro Oriental, Marinduque, Romblon at Palawan sa pakikipag-ugnayan sa iba't-ibang ahensya ng gobyerno ay nagsasagawa ng mga sumusunod na gawain tulad ng Ugnayan-Talakayan, kapihan, barangay fora at pamamahagi ng mga babasahing may kaugnayan dito.

Samantala ang Kagawaran ng Agrikultura at pamahalaang lokal ay namahagi ng mga binhing pananim sa mga magsasaka, inayos at nagtayo ng mga shallow tubewells sa mga kritikal na lugar para matiyak ang sapat na tubig para sa palayan at maisan, at nagtayo ng Shallow Water Impounding Projects (SWIP) at Small Far Reservoirs (SFR).

Ang iba't-ibang uri ng maliliit na dam ay itinatayo sa mga kritikal na lugar upang makapag-imbak ng tubig na maaaring magamit na pandagdag sa panahon na kulang sa tubig-ulan. Ang paggamit nito ay makatutulong din sa pagpigil ng pagkawala ng lupa sanhi ng erosion.

Samantala ang mga halamang matibay kung tagtuyot ay ang mga sumusunod; sorgum, monggo, sitao turo, kamoteng gabi, kamoteng kahoy, pinya, mais, patani, siling pukinggan, luya, tugue, asparagus, langka, melon, saging, suha, kasoy, abokado, bayabas, sampalok at mangga.

Simula sa isyung ito, ihahatid namin sa inyo ang 'profile' ng MIMAROPA at ng mga lalawigang nasasakop ng bagong tatag na **Region IV-B** na binubuo ng ***Mindoro Occidental, Mindoro Oriental, Marinduque, Romblon, at Palawan.***



CITY/MUNICIPAL MAYORS

Mindoro Occidental

Ma. Gloria Constantino , Abra de Ilog
Renato A. Paulino, Calintaan
Ariel Telebrico, Looc
Juan M. Sanchez, Lubang
Marleo R. Barrera, Magsaysay
Allan T. Aquino, Mamburao
Shirley M. Pangilinan, Paluan
Sonia Cabaluna Pablo, Rizal
Godofredo B. Mintu, Sablayan
Gaudencio M. Espiritu, Sr., San Jose
Filemon M. Galsim, Sta.Cruz

Mindoro Oriental

Conrad N. Zulueta, Baco
Ferdinand M. Soller, Bansud
Alex I. Enriquez, Bongabong
Gemma G. Salas, Bulalacao
Arman C. Panaligan, Calapan
Romeo D. Alvarez, Gloria
Teresita M. Maliwanag, Mansalay
Roberto N. Mendoza, Naujan
Wilfredo L. Hernandez, Paluan
Alex Aranas, Pola
Aristeo E. Atienza , Puerto Galera
Jesus M. Dimapilis, Roxas
Manuel R. Bae, San Teodoro
Ma. Fe V. Brondial , Socorro
Alfredo O. Ortega, Victoria

Marinduque

Roberto M. Madla, Boac
Wilfredo S. Pe, Buenavista
Victoria L. Lim, Gasan
Jonathan M. Garcia, Mogpog
Percival P. Morales, Sta. Cruz
Tomasito N. Pizarro, Torijos

Romblon

Hardy A. Galisanao,Alcantara
Jory F. Faderanga,Banton
Nicasio M. Ramos,Cadijiocan
Alicia Fetalvero, Calatrava
Merenciano F. Fabregas,Concepcion
Bibiano M. Fanlo,Corcuera
Pacifico Ll. Mayor, Ferrol
Leila M. Arboleda, Looc
Julie R. Monton, Magdiwang
Estanislao M. Famatiga, Odiongan
Leo G. Merida,Romblon
Lourdes C. Madrona,San Agustin
Gemeniano C. Galicia, San Andres
Manette Tansingco, San Fernando
Filipino T. Tandog, San Jose
Ascher C. Visca, Sta. Fe
Pedro M. Mindo, Jr, Sta. Maria

Palawan

Celsa B. Adier, Aborlan
Rodabaldo N. Zabanal, Agutaya
Juancho U. Po, Araceli
Darwiza A. Astami, Balabac
Herminio H. Quitain Sr., Bataraza
Cesario Bendito Jr., Brooke's Point
Samuel A. de Jesus Sr.,Busuanga
Joel A. Carceler, Cagayancillo
Alberto G. Enriquez Jr., Coron
Emiliano P. Marasigan, Cullon
Andrew L. Long, Cuyo
David G. Aurelio, Dumaran
Edna G. Lim, El Nido
Rosendo L. Mantes, Kalayaan
Rolando L. Factuar, Linapacan
Rommel L. dela Torre, Magsaysay
Lucena D. Demaala, Narra
Edward Z. Hagedorn, Puerto Princesa
Eddie D. Aureno, Quezon
Samson I. Degillo, Rizal
Dennis M. Sabando, Roxas
Antonio V. Gonzales, San Vicente
Iber A. Chou, Sofronio Espanola
Rodolfo V. Rodriguez, Taytay

MIMAROPA
Facts and Figures

Province	Land Area (hectares)	No. of Cities	No. of Mun.	No. of Bgys.	Population as of 2000
Occ. Mindoro	587,985 has.		11	162	266,917
Or. Mindoro	436,473 has.	1	14	426	536,326
Marinduque	95,920 has.		6	218	185,524
Romblon	135,590 has.		17	219	277,621
Palawan	1,489,655 has.	1	23	431	528,287
TOTAL	**2,745,623 has.**	**2**	**71**	**1,456**	**1,794,675**

Direktoryo ng mga Opisyales ng MIMAROPA

CONGRESSMEN

Josephine Y. Ramirez-Sato
Lone District, Occ. Mindoro
Charity P. Leviste
1st District, Oriental Mindoro
Alfonso V. Umali
2nd District, Oriental Mindoro
Edmundo O. Reyes, Jr.
Lone District, Marinduque
Perpetuo B. Ylagan
Lone District, Romblon
Vicente A. Sandoval
1st District, Palawan
Abraham Kahlil B. Mitra
2nd District, Palawan

GOVERNORS

Jose T. Villaroza
Mindoro Occidental

Bartolome Marasigan, Sr.
Mindoro Oriental

Carmencita O. Reyes
Marinduque

Eleandro Jesus Madrona
Romblon

Joel S. Reyes
Palawan

RDC OFFICERS and MEMBERS

CHAIRMAN : Gov. Eleandro F. Madrona, Romblon
VICE-CHAIRMAN : Director Oskar D. Balbastro, NEDA

CABINET OFFICER FOR REGIONAL DEVELOPMENT (CORD)
SEC. MARITA MAGPILI-JIMENEZ
PAD for Official Development Assistance Absorption, Office of the President
SEC. VICENTE S. PEREZ, JR.
Department of Energy, CORD for Palawan

LOCAL GOVERNMENT UNITS
GOV. CARMENCITA O. REYES, *Marinduque*
GOV. JOSE T. VILLAROSA, *Occidental Mindoro*
GOV. BARTOLOME L. MARASIGAN, *Oriental Mindoro*
GOV. JOEL T. REYES, *Palawan*
GOV. ELEANDRO F. MADRONA, *Romblon*

MAYOR EDWARD HAGEDORN, *Puerto Princesa City*
MAYOR ARNAN C. PANALIGAN, *Calapan City*
MAYOR ROBERTO M. MADLA, *Boac, Marinduque*
MAYOR ALAN T. AQUINO, *Mamburao, Occ. Mindoro*
MAYOR LEO G. MERIDA, *Romblon, Romblon*
MAYOR GODOFREDO MINTU, *Sablayan, Occ. Mindoro*
MAYOR FERDINAND M. SOLLER, *Bansud, Or. Mindoro*
MAYOR ALBERTO G. ENRIQUEZ, *Coron, Palawan*
MAYOR PACIFICO LL. MAYOR, *Ferrol, Romblon*

AGENCY REGIONAL OFFICES
DIR. DENNIS B. ARAULLO, *Dept. of Agriculture*
DIR. DOMINADOR B. ANDRES, *Dept. of Agrarian Reform*
OIC-RD RED JOVITO B. LAYUGAN, *Dept. of Environment and Natural Resources*
DIR. PARALUMAN R. GIRON, *Department of Education*
OIC-RD MARIQUITA J. MANTALA, *Dept. of Health*
DIR. CRISPIN D. DANNOG, JR., *Dept. of Labor and Employment*
OIC-RD AIDA C. GATPANDAN, *Dept. of Interior and Local Government*
DIR. RAFAEL C. YABUT, *Dept. of Public Works and Highways*
USEC. NELLY FAVIS-VILLAFUERTE, *Dept. of Trade and Industry*
DIR. LOUELLA C. JURILLA, *Department of Tourism*
DIR. OSKAR D. BALBASTRO, *NEDA IV*
MA. ELENA H. BAUTISTA, *Presidential Management Staff*
DIR. HIPOLITO B. AYCARDO, *Dept.of Science and*
OIC-RD CRESCENCIO A. YACO *Technology*
DIR. LINA L. ESTRADA, *Land Transportation Office*
DIR. RAQUEL R. ASCANO, *Dept. of Social Welfare and Development*
DIR. PILAR G. DE LEON, *TESDA IV*
DIR. RIZA J. BALDORIA, *Philippine Information Agency*
DIR. CARMELITA G. REYES, *Bureau of Local Gov't.. Finance*
DR. RICARDO A. WAGAN, *ASUCs*
DIR. LOLITA C. LAYSER
OIC-RD LUISA B. NARTATEZ, *Population Commission*
DIR. JEANETTE E. CRUZ, *HUDCC*
GEN. FRANCISCO S. BRAVO, *Armed Forces of the Phils.*
MA. ALICIA C. RAMOS, *National Nutrition Council*
DIR. HILARION E. ULEP, *Telecommunications Office*
DIR. MARIA RITA C. ORTIZ, *Comm.of HigherEducation*

PRIVATE SECTOR REPRESENTATIVES
FRANCISCO V. NIEBRES, *Rotary Club of Mamburao*
OLIVIA L. PALOMARIA, *Mindoro Dev't. Cooperative*
CLEOFE P. BERNARDINO, *Palawan NGO Network Inc.*
ANTONIO D. FABITO, *St. Vincent Ferrer Multi-Purpose Cooperative*
DORIS G. MELGAR, *Kaunsayan Formation for Com. Development, Inc.*
RENAND M. MARASIGAN, *Mangyan Mission*
SIS. MARY REBECCA ROGACION, *Peer Counseling Foundation of the Philippines*
DOMINGO M. DELA CRUZ, *Japan Agricultural Exchange Council Asso. Of the Philippines*
CARLOS ALCUAZ, *Fundacion Santiago, Inc.*

"One of the means proposed for healing the deep divisions within our society is a government of national unity." ***(Pres. Gloria Macapagal-Arroyo)***